Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG DISYEMBRE 18, 2009, ARAW NG BIYERNES, SA GANAP NA IKA-2:00 NG HAPON.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | .... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 217-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 2 PARA SA IBA PANG BENEPISYO NG MGA HALAL NA OPISYAL, PINUNO AT MGA KAWANI AT PINANSIYAL NA TULONG SA MGA KATULUNGIN NG PAMAHALAANG BAYAN (JOB ORDER, DAY CARE WORKERS, BANTAY-BAYAN AT MGA AHENSYA NASYUNAL (PHILIPPINE NATIONAL POLICE, FIRE DEPARTMENT, MUNICIPAL TRIAL COURT, RURAL HEALTH UNIT AT DEPARTMENT OF INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT ) PARA SA KAPASKUHAN.**

**SAPAGKA'T,** may iniliwat ang Kagalang-galang Punong Bayan Ariel T. Magcalas sa sangguniang ito na humihiling na mapagtibay ang Karagdagang Badyet Blg. 2 para sa layuning nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** nakasaad sa naturang pagliliwat ang ilalaang halagang umaabot sa P5,135,780.00 lakip ang pondong panggagalingan bilang pabuya sa pagsisikap na lalong mapaunlad ang bayang ito;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang sumusunod na:

## KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 26-T2009

**KAUTUSANG NAGLALAAN NG HALAGANG LIMANG MILYON ISANGDAAN TATLUMPU'T LIMANG LIBO PITONG DAAN WALUMPUNG PISO (Php5,135,780.00) UPANG MAGSILBING IBA PANG BENEPISYO NG MGA HALAL NA OPISYAL, PINUNO AT MGA KAWANI AT UPANG MABIGYAN NG PINANSYAL NA *TULONG* ANG MGA KATULUNGIN NG PAMAHALAANG BAYAN PARA SA DARATING NA KAPASKUHAN BILANG PABUYA SA KANILANG PAGSISIKAP SA LALONG IKAUUNLAD NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**IPINAG-UUTOS** ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1**- Iliwat at ilaan ang halagang Php5,135,780.00 bilang Karagdagang Badyet Blg. 2 mula sa balanseng walang pinaglalaanan ng Karagdagang Badyet Blg. 1 na nagkakahalaga ng Php2,632,922.85; Balanse ng pondo sa Terminal Leave (Php516,163.15) at pondong nakalaan sa mga bakanteng posisyon ng iba't-ibang tanggapan nang taong 2009 (Php2,050,914.00) na may kabuuang halagang P5,200,000.00 upang ilaan sa mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| a. Iba pang benepisyo (halal na opisyal, permanente at kaswal na kawani | Php3,455,280.00 |
| b. Job Order (Janitorial, Environmental, Traffic) (P5,000.00) | 1,454,500.00 |
| c. Day Care Workers (P4,500 x 22) | 99,000.00 |
| d. Bantay-Bayan (P2,000.00 x 29 ) | 58,000.00 |
| e. Mga ahensya National (PNP, Fire Department, Municipal Trial Court, RHU, DILG) (P1,000.00 bawat isa) | 69,000.00 |
| | Php5,135,780.00 |

**SEKSYON 2** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa katitikang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

LOUIE C. DE LEON
Kagawad

RAMON D. TAN
Kagawad

JUN M. ASINAS
Kagawad

ROMULO A. ELCA
Kagawad

LAURA P. OBLIGACION
Kagawad

OSCAR F. FELICIANO
Kagawad

ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

ISAGANI R. MALAPAYA
Kagawad

JOHN CARLOS C. DELOS REYES
Kagawad

NAGPATOTOO :

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY :

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Punong Bayan